

6 Ang pagbabawal ng mga nakakalasing o nagpapawala ng katinuan

Sa kabila ng pagkalat ng mga nakakalasing sa mundo at panghuhumaling ng marami sa mga tao rito, tunay na ang Fitrah ay tinatanggihan ito. Dahil naiaalis nito ang tamang kaisipan, at kapag nawala ang tamang kaisipan, ang mangyayari sa mga tao ay parang mga halimaw na gagawa ng anumang krimen. **Sinabi ng Allah:** (O kayong mga naniwala sa Allah at sumunod sa Kanyang Sugo! Katiyakan, ang Al-Khamr na ito ay ang lahat ng mga nakalalasing na bagay na sinasarhan ang pag-iisip; at ang Al-Maysir — pagsusugal na kasama rito ang lahat ng uri ng pustahan at ang katumbas ng lahat ng ginagawa na may pustahan sa magkabilang panig; at hinahadlangan ang mga tao sa pagpuri sa Allah. Ganoon din ang Al-Anzab — isang altar na bato na itinuturing na sagrado na kung saan doon nila isinasagawa ang pagkatay ng mga hayop bilang pagdakila sa altar na yaon, at ang lahat ng uri ng mga inanyuang bagay na itinayo para sambahin. At ang Al-Azlâm — mga uri ng pana na itinuturing na sagrado ng mga walang pananampalataya, na bago sila magpasiya ng isang bagay o bago nila itigil ang isang bagay ay isinasagawa muna nila ito. Isusulat nila sa bawat pana ang kanilang mga ipapasiya, at pagkatapos ay pipili sila ng isa mula rito, at kung ano ang nakasulat doon sa napili nilang pana ay yaon ang ipapasiya nila. Katiyakan, ang lahat ng mga bagay na ito ay kasalanang mula sa mga panghalina ni Shaytan, na kung kaya, layuan ninyo ang mga kasalanang ito nang sa gayon ay magtagumpay kayo ng Al-Jannah (Hardin).) *Al-Qur'an 5:90*



Kung ang isang tao ay aalisin ang mga panlabas na nakakaapekto sa kanyang kagustuhan at pagpili, katiyakan na kanyang pipiliin ang Islam; sapagkat ito ay Relihiyon ng Fitrah na tumutugma sa kaisipan at kaluluwa.




www.DiscoverAlIslam.com
info@DiscoverAlIslam.com



@AlIslamDiscover



I-SCAN ANG QR CODE
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika



Ang
Islam
ay
Relihiyon ng Fitrah
Likas na pagkakalikha
sa tao

Tagalog



✦ Ang bawat tao ay ipinanganak na nakatanim sa kanyang kaluluwa at puso ang pagkilala sa Allah at kaisahan Niya. At sa kanyang paglaki, maaaring manatili siya sa kalikasan na ito na nakatanim sa kanya at maaaring mabago mula rito patungo sa ibang relihiyon bukod sa Islam, bilang pangagaya sa kanyang mga magulang o anumang ibang dahilan.


Sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: “Walang sinumang ipinanganak liban na siya ay ipinanganak sa Fitrah -likas na pagkakalikha-, at ang kanyang dalawang magulang ay ginagawa siyang Hudyo, Kristiyano o Majus.”

✦ Katiyakang ang dakilang Islam ay tumutugma sa kalikasan na nilikha ang tao rito, at ito talaga ang “Relihiyon ng Fitrah (kalikasan ng tao)” Kabilang dito:

1 Ang Kaisahan ng Allah

Ang pagsamba sa nag-iisang Diyos na nagtataglay ng pagiging Ganap na Perpekto, ang Ganap na Tagapaglikha, ang Ganap na Nagbibigay-biyaya, ang Walang hanggang buhay na hindi mamamatay. Ito ang tumutugma sa malusog na kalikasan ng tao. Kung iniwan ang tao at ang kanyang pag-iisip at hindi siya naturuan ng paniniwala ng kaligawan; siya ay magagabayan tungo sa Tawheed (kaisahan ng Allah) sa pamamagitan ng likas na pagkakalikha sa kanya.

Sinabi ng Allah: (Na ito ang Fitrah o likas na pagkakalikha ng Allah sa sangkatauhan, na kung kaya, ang pananatili ninyo at paghawak ninyo rito ay siyang tunay na pananatili sa likas na nilikha ng Allah na paniniwala na bukod-tanging pagsamba lamang sa Kanya. Walang pagbabago sa nilikha ng Allah at sa Kanyang Deen (Relihiyon), na ito ay Matuwid na Landas na magdadala sa sinuman tungo sa pagmamahal ng Allah na Rabb na Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang at sa Kanyang Al-Jannah) *Al-Qur'an 30:30*



2 Ang pagmamahal sa kabutihan at pagkamuhi sa kasamaan

Likas sa tao na kaibigan ang kabutihan at kamuhian ang kasamaan; kaya makikita mo siya na labis ang kaligayahan at maginhawa ang kalooban nang labis sa tuwing siya ang gumagawa ng mabuting gawain tulad ng pamamahagi ng mga tulong sa mga taong mahihirap. Samantalang pinapahiya siya ng kanyang budhi sa tuwing gumagawa siya ng kasamaan, tulad ng pakikipag-away sa ibang tao; sapagkat kabilang sa


kalikasan ng tao ay pagkakalikha sa kanya na hindi tutugma sa paggawa ng kasamaan. Ang Islam ay tugma sa likas na ugali ng tao, kaya't inuutos nito ang mabuti at ipinagbabawal ang kasamaan.

Sinabi ng Allah: (Walang pag-aalinlangan, inutusan ng Allah ang Kanyang mga alipin sa Dakilang Qur'an ng pagiging makatarungan at pagiging mabuti at gawa at pag-uutos ng pagbibigay sa mga kamag-anak, at ipinagbabawal Niya ang anumang kasamaan, at ang anumang bagay na hindi katanggap-tanggap sa batas at ganoon din ang pagbabawal hinggil sa pang-aapi at sa ganitong pamamaraan na pag-uutos at pagbabawal, ay bilang pagpapayo sa inyo at pagpapaalaala ng Allah, upang kayo ay makaunawa sa ipinag-utos ng Allah at makinabang para rito.) *Al-Qur'an 16:90*



3 Pagmamahal sa katotohanan at pagkamuhi sa kasinungalingan

Likas sa tao na minamahal niya ang katotohanan at ninanais niya ang pagsunod dito, at kanyang kinamumuhian ang kasinungalingan at ninanais niya ang paglayo mula rito. Ang pagsunod ng karamihan sa mga tao sa kasinungalingan ay hindi dahil ito ang tumutugma sa kanilang Fitrah, bagkus ito ay dahil sa bagay na biglang lumantad na naging dahilan upang salungatin nila ang kanilang Fitrah, tulad ng paghahangad ng kayamanan, kasikatan o mga posisyon. Ang Islam ay inaanyayahan ang mga tao na sundin ang katotohanan at layuan ang kasinungalingan. **Sinabi ng Allah:** (Siya ba na nakaaalam ng inihayag sa iyo, O Muhammad ﷺ, mula sa Allah na katotohanan, na kung kaya, ito ay kanyang pinaniniwalaan, ay magiging katulad ba ito ng isang bulag sa katotohanan na hindi niya ito pinaniwalaan? Katiyakan, ang mga taong tumatanggap ng payo ay ang mga yaong matutuwid ang kanilang kaisipan.) *Al-Qur'an 13:19*



4 Ang kalinisan:

Kung ihahambing ng isang makatwiran at matalinong tao ang dalawang Relihiyon: Relihiyon na nag-uutos ng kalinisan, at ang iba ay nag-uutos ng karumihan, alin sa dalawa ang pipiliin niya?

Walang pag-aalinlangan na sa pamamagitan ng kanyang malinis na Fitrah ay pipiliin niya ang Relihiyon na nag-uutos ng kalinisan. At ang Islam ay nanghihimok tungo sa kalinisan. **Sinabi ng Allah:** (Ang Allah, samakatuwid, ay nagmamahal sa Kanyang mga alipin, na palaging humihingi ng kanilang kapatawaran at pagsisisi, at nagmamahal sa Kanyang mga aliping malilinis, na lumalayo sa lahat ng mga kahalayan at karumihan.) *Al-Qur'an 2: 222*

At sinabi ng Propeta ﷺ: “Ang limang bagay ay kabilang sa Fitrah: Ang pagtuli, pag-ahit ng balahibo sa palibot ng ari, paggupit ng bigote, pagputol ng kuko at pagbunot ng balahibo sa kili-kili.”



5 Ang pag-aasawa

Alin ang mas malapit sa Fitrah, ang pagpapakasal sa pagitan ng lalaki at babae, o ang relasyon na labas sa kasal o ang kasal ng parehong kasarian?

Walang pag-aalinlangan na sa pamamagitan ng kanyang malinis na Fitrah ay hindi siya tatanggap liban sa isinabatas na kasal sa pagitan ng lalaki at babae.

Sinabi ng Allah: (At kabilang din sa palatandaan ng Allah sa Kanyang kadakilaan at ganap na kakayahan ay ang paglikha Niya para sa inyo mula sa inyong sarili, O kayong mga kalalakihan ng inyong mga asawa; upang mapanatag ang inyong mga kalooban at magkaroon kayo ng pamamahingahan, at ginawa Niya sa pagitan ng babae at kanyang asawa ang pagmamahal at pagkaawa. Katiyakan, sa paglikha ng Allah nito ay mga palatandaan na nagpapatunay sa Kanyang kakayahan at Kanyang Kaisahan sa pagsamba, para sa mga tao na nag-iisip at nagsusuri.) *Al-Qur'an 30:21*

